Media Release

# Mga bagong boses sumapi sa Multicultural NSW Advisory Board

Martes, ika-11 ng Hunyo 2024

Malugod na tinanggap ng Multicultural NSW ang dalawang mga bagong boses sa Multicultural NSW Advisory Board (Lupon ng Pagpapayo ng Multicultural NSW) at muling hinirang ang dalawang mga kasalukuyang miyembro.

Sina Simon Chan at Sonia Gandhi ay muling hinirang sa Advisory Board, kasama ang mga bagong miyembro na sina Elfa Moraitakis at Janice Rodrigues, na sasapi bilang isang kabataang miyembro.

Si G. Chan ay ang Presidente ng Chinese Australian Forum at Immediate Past President ng Haymarket Chamber of Commerce at nakikisali sa iba't-ibang mga organisasyon ng sining at komunidad.

Si Bb Gandhi ay ang nagtatag ng isang matagumpay na negosyo sa marketing at mga kaganapan na nakikipag-ugnay sa mga First Nation at mga grupong multikultural.

Si Bb Moraitakis ay ang CEO ng SydWest Multicultural Services, isang pangunahing organisasyon para sa mga isyu ng pagkakaiba-iba ng mga kultura, tumutugon sa mga pangangailangan ng komunidad at mga oportunidad sa buong Western Sydney at mga bahagi ng Inner West.

Si Bb Rodrigues ay isang youth caseworker para sa isang pangunahing not-for-profit na organisasyon na nakikipagtulungan sa mga kararating lamang na mga kabataang refugee at migrante.

Sa pamumuno ni Nick Kaldas APM, ang Multicultural NSW Advisory Board ay nagbibigay ng payo at gabay sa iba't-ibang mga bagay na may kinalaman sa mga komunidad na magkakaiba ang kultura at wika.

**Ayon kay Multicultural NSW Advisory Board Chair Nick Kaldas APM:**

"Nakatuon kami na masiguro na ang mga pananaw at pag-alaala ng lahat ng mga tao sa buong NSW ay napapakinggan sa mga proseso ng pagdedesisyon ng pamahalaan. Ang mas malaking representasyon ay nangangahulugan nang mas malaking pagkakaiba-iba at iyan ang nangyayari sa NSW na isang matagumpay na multikultural na estado."

**Sinabi ni Multicultural NSW Chief Executive Joseph La Posta:**

"Itong mga bago at bumabalik na mga miyembro at kabataang miyembro ng Advisory Board ay magpapalakas sa mga boses ng mga magkakaiba-ibang komunidad sa buong pamahalaan. Ang dedikasyon para sa kanilang mga komunidad ay magiging lubhang kapaki-pakinabang upang masiguro na ang mga hinaharap na henerasyon ay maaaring matamasa ang masaganang pagkakaisa ng ating dakilang estado."

"Maraming salamat sa 250 na tao mula sa buong NSW na nagpahayag ng kanilang interes na sumapi sa Multicultural NSW Advisory Board."

Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang website ng Multicultural NSW: https://multicultural.nsw.gov.au/teams/advisory-board-members/

---

MEDIA: Kerri-Ann Hobbs, Media and Communications Manager, 0439 086 356